KAUTUSÁNG BLG. 1

## NA NAG-AATAS NG PAGPÁPATALÂ AT PAGPAPAHINTULOT SA MGA BISIKLETA AT NAGTÁTADHANÀ NG MGA TUNTUNIN AT PAMALAKAD SA PAGGAMIT NG BISIKLETA SA SIYUDAD NG MAYNILA.

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

### PANGKAT I. PAGTATALÂ AT PAGPAPAHINTULOT

TUNTUNING 1. *Pangangailangan ng pagpapatalâ at pahintulot.*—Lahát ng taong nagmamay-arî o nag-aangkin ng isáng bisikleta, magíng kung sa sariling gamit o kung pinaúupahan, ay dapat magpatalâ ng násabing bisikleta sa o bago dumatíng ang ika-15 ng Pebrero taun-taón sa Tanggapan ng Pinunò ng Kostabularya Metropolitana, na siyáng magpápahandâ ng isáng katibayan sa pagkakátalâ at ng plakang may ukol na bilang na ipagkákaloób sa nagpatalâ, pagkapagbayad nitó ng táunang buwís na dalawáng piso at limampung séntimos: *Nguni'y dapat matalastas,* Na ang bisikletang nátamó o binilí pagkaraán ng ikalabinlimá ng Pebrero, ay dapat ipatalâ sa loób ng sampung araw buhat sa pagkábilí o pagkátamó ng násabing bisikleta; at *Dapat matalastas pa ring,* Lahát ng pagpapataláng gawín pagkaraán ng mga araw na itinatakdâ rito, ay sísingilán pa ng pataw na dalawampû sa isáng daán sa halagá ng buwís. Ang násabing katibayan sa pagpapatalâ ay siyáng kíkilalaning pahintulot at katibayan ng pagkamay-arì at nárarapat na laging taglayín ng may-arì o ng pinahintulutang magpatakbo samantalang ginagamit ang bisikleta.

TUN. IKA-2. *Kapalít na katibayan.*—Sakaling ipagbilí o ilipat sa ibá ang isáng bisikletang nakatalâ na, o sakaling mawalâ ang unang katibayan ng pagkakátalâ, o sakaling may palitán o baguhing mga bahagi ng isáng bisikletang nakatalâ na, yaón bagáng magkákaroón na ng lubós na kaibhán sa dating ayos o hugis, ay dapat ihingî ng isáng kapalít na katibayan, upáng siyáng mágamit na katulad din ng unang katibayan, matapos makapagbayad ng buwís na piso: *Nguni'y dapat matalastas,* Na hindî magkákaloób ng pamalít na katibayan, máliban na lamang kung magharáp ng isáng pinanumpaaang pahayag na nagsasaád ng násabing pagbilí o pagkábilí, ng pagkawalâ ng unang katibayan, at ng pagkabago o pag-iibáng ayos ng bisikleta: *Dapat matalastas din,* Na kahit napagkalooban na ng isáng pamalít na katibayan, ang unang bilang ng plaka ay siyá ring dapat manatili at patuloy na gágamitin.

TUN. IKA-3. *Kapalít na bilang ng plaka.*—Sakaling mawalâ o masirà kayâ ang plakang maybilang, na anupá't dî na sukat mabasa, ay kailangang kumuha ng kapalít na plakang dating bilang din ang tátaglayín, matapos makapagbayad ng limampung séntimos.

### PANGKAT II. PAGGAMIT SA BISIKLETA

TUN. IKA-4. *Paglalantad ng plakang may-bilang.*—Ang plakang may-bilang ay dapat ilagáy o ikabít sa lalong tanyag at kita agád na panig o bahagi ng bisikleta, na itatakdâ at ipasisiyá ng Pinunò ng Kostabularya Metropolitana, at diyán panánatilihin habang ginagamit ang bisikleta.

TUN. IKA-5. *Ilaw at busina.*—Samantalang ginagamit, lahát ng bisikleta ay pálagiang dapat magtaglay ng isáng kampanilya o busina, na patútunugín tuwíng papalapít sa mga likô ng daán o sa alín mang ibáng sasakyan o naglalakád na tao, at kailangan ding magtaglay ng isáng ilaw, pagkagát ng dilím.

TUN. IKA-6. *Pagpapatakbong magkatabí o may kasamang ibáng taong nakakapit sa ibáng sasakyan.*—Labág sa kautusán ang pagsakáy, ng mahigít sa isang tao sa isáng bisikletang may isá lamang uupán, o ng ilán mang tao na magpatakbo ng mga bisikletang magkakaagapay o kapit-kapit ang mga kamáy, o ng alín mang nakasakáy o tagapagpatakbo ng isáng bisikleta na kumapit o humawak sa ibáng sasakyang tumatakbo.

TUN. IKA-7. *Pang-aabala.*—Labág sa kautusán na ang sínumáng nakasakáy o nagpápatakbo ng isáng bisikleta ay mang-abala nang waláng dahilán, o humadlang, o maging sanhi kayâ ng pagkabalam o pagkapigil sa malayang pagdaraán o sa karapatán sa lansangan ng alín mang ibáng sasakyan o taong naglalakád.

TUN. IKA-8. *Waláng ingat na pagpapatakbo.*—Labág sa kautusán na ang sínumáng nakasakáy o nagpápatakbo ng isáng bisikleta ay magpatulín nang waláng patumanggâ o kayá'y dî gumamit ng karampatang pag-iingat, sa alín mang lansangan ng Maynilà, na álalaóng bagá'y pakibagayan ang luwáng nitó, ang dami ng mga sasakyan, ang mga sabang at líkuan, gayón din ang liwanag, dilím at ibá pang kalágayan ng lansangan at ng panahón, o kaya namá'y makapaglagáy sa panganib ang aríarian o buhay ng sino mang tao, o magíng sanhî ng malakí o di-marapat na pagkasirà ng daán.

TUN. IKA-9. *Paglikô.*—Labág sa kautusán na ang sino mang sakáy o nagpápatakbo ng isáng bisikleta ay lumikô nang pakanán o gumawâ ng paglikóng pa-U nang hindî humuhudyat, may sampung (10) metro muna bago dumatíng sa lugál na tangkâ niyáng likuán, paghudyat na dî títigilan hanggang sa magawâ ang paglikô.

Ang isáng bisikletang lilikô sa kanang patungo sa ibáng daan ay kailangang sumiway sa gawíng kaliwâ ng kalágitnaan ng pagkakátagóp ng dalawáng daán, at ang isáng bisikletang palikô sa kaliwâ upáng

tumungo sa ibáng daán ay dapat magpakatabí ng paglikô, hangga't maaarì, sa dakong sulok ng lílikuán.

Labág sa kautusán na ang sino mang sakáy o nagpápatakbo ng isáng bisikleta ay lumikô sa alín mang poók sa Eskolta, Rosario, Carriedo, Echague, mulâ sa Líwasang Goiti hanggang Globo de Oro; Dasmariñas, Villalobos; Rizal Avenue, mulâ sa Carriedo hanggang Soler; Juan Luna, mulâ sa Santa Elena hanggang Verónica; Azcárraga, mulâ sa Oroquieta hanggang T. Alonso; Ilaya, mulâ sa Azcárraga hanggang Santa Elena, Santo Cristo, mulâ sa Azcárraga hanggang San Fernando; at Herrán, mulâ sa Singalong hanggang Paz, máliban sa mga pánulukan ng isa't isá sa mga ibáng daán.

TUN. IKA-10. *Pananatili sa kaliwâ.*—Ang mga bisikleta, hangga't mangyayari, ay dapat na laging patabí sa gawíng kaliwâ ng daán, mátangì kung kailangang pakanan upáng máuna sa sinusundang sasakyan o taong naglalakád.

TUN. IKA-11. *Pagsunód sa mga utos.*—Sino mang taong nakasakáy o nagpápatakbo ng isáng bisikleta ay nárarapat na sa lahát ng sandalî'y tumalima sa turò, utos o hudyat sa pamamagitan ng salitâ o kamáy ng sino mang tauhan ng Kostabularya Metropolitana, ukol sa paraán ng pagsisimulâ ng pagkilos, paglikô, paglapit, pagtigil, paghimpil o pagalís sa alín mang dako o lugál ng mga lansangan sa Maynilà.

TUN. IKA-12. *Pagpapatalastas ng mga kapahamakán.*—Sino mang sakáy, nagpápatakbo o hatíd ng isáng bisikleta ay kailangang magbigáy-alám kaagád sa isáng nanúnungkulang pulís ng alín mang kapahamakán o kasiraáng nágawâ ng sasakyang pinatatakbo o ginagamit niyá sa sino mang tao o ariarian sa alín mang lansangan ng Maynilà, at tungkulin niyáng tumigil kung may nangyaring kapahamakán at ipagkaloób sa sino mang alagád ng kapayapaan o sino mang ibáng taong may pananágutan ang kanyang pangalan at táhanan at ang sa may-arì ng bisikleta, akaling itó'y hindî kanya, tulóy ipakita ang katibaan niyá sa pagkakátalâ, kung hingín.

## PANGKAT III. IBA'T IBANG TADHANÀ

TUN. IKA-13. *Lahát ng bisikleta ay sasakyan.*—Lahát ng bisikleta, magíng pinatatakbo ng mákina o ng paá, magíng may nagiisáng luklukan, *tandem* o may sasakyan sa tabí, ay ibibilang na isáng sasakyan at sásailalim ng mga náuukol na tadhanang pinaiiral sa mga sasakyan, kailanma't hindî nálalaban sa mga tadhanà ng Kautusáng itó.

TUN. IKA-14. *Paglabág at parusa.*—Sino mang taong gumamit o magpatakbo sa alín mang hayág na lansangan o ibáng hayág na poók ng Siyudad, ng alín mang bisikletang hindî náipatalâ o waláng taglay na katibayan, alinsunod sa mga iniaatas sa unang Pangkat ng Kautusáng itó ay ipalalagáy na nagkásala at parúrusahan ng isáng multang hindî hihigít sa isáng ...g piso, o pagkábilanggong hindî hihigít sa da- ... buwán, o ng dalawáng parusang multa at ...nggô, ayon sa marapatin ng Húkuman.

Alín mang ibáng paglabág sa mga tadhanà ng Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang hindî hihigít sa limampung piso, o pagkábilanggong hindî hihigít sa isáng buwan, o ng dalawáng parusang multa at pagkábilanggo, ayon sa marapatin ng Húkuman.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
*Alkalde*

---

### KAUTUSÁNG BLG. 2

## NA NAGTATAKDÂ NG MGA TIYÁK NA ORAS SA PAGLALAGÁY NG BASURA SA MGA TABÍNG-DAÁN UPÁNG MAHAKOT, AT PARÁ SA IBÁ PANG LAYUNÍN..

SAPAGKA'T kinákailangan, at siyáng hinihingî ng kalusugáng-bayan at ng tumpak na paglilinis, na magtakdâ ng mga tiyák na oras sa paglalagáy ng basura sa mga tabíng-daán upáng mahakot sa mga sadyang tapunán, at máisaayos ang pagtitipon sa mga hukay sa panabí ng daán at sa ibáng hayág na poók, na yaón bagáng maiwasan ang pagkátambak ng basura sa mga tinurang lugál, pagkátambak na nagbibigáy ng pangit at marungis na ayos sa Siyudad, bukód pa sà nagiging itlugan ng langaw at ibá pang mapanganib na hayop; *Dahil diyán,*

Sa bisà ng kapangyarihang kaloób sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynilà, at matapos makasanggunì sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNIN 1. Ang oras sa araw-araw na ipaglalagay ng basura sa mga lansangan, magíng sa mga sisidlang sadyang iniuukol diyán o sa sarí-sariling lalagyan, sa pamamagitan nitó ay itinatakdang mulâ sa ikaanim hanggang ikapitó ng umaga, sa Eskolta, Líwasang Goiti, Líwasang Santa Cruz, Rizal Avenue mulâ sa Carriedo hanggang sa daáng Azcárraga, at sa paligid-ligid ng Líwasang Goiti, Carriedo, Simbahan ng Kiyapò, Villalobos at Echague; at mulâ sa íkaanim hanggang ikapitó ng umaga at mulâ sa unang oras hanggang ikalawá ng hapon sa mga ibá pang dako ng Siyudad.

TUN. IKA-2. Labág sa kautusán na sino mang tao ay magtapon ng basura sa alín mang tabíng-lansangan, mátangì sa mga oras na nátatakdâ sa sinusundang tuntunin: *Nguni'y dapat matalastas,* Na ang pagbabawal na itó ay hindî sumasaklaw sa basurang nákukuha sa mga lansangan at sa mga ibá pang pambayang lugál.

TUN. IKA-3. Waláng mámamayáng partikular na makagagawâ ng hukay ng basura, máliban na lamang kung may páunang pahintulot ng kináuukulang kapangyarihan.

TUN. IKA-4. Sino mang taong lumabág sa mga tadhanà ng Kautusáng itó ay parúrusahan ng isáng multang hindî hihigít sa dalawampu't limáng piso.

Inilagdâ sa Siyudad ng Maynilà, ngayóng ika-11 araw ng Setyembre, 1942.

(May-lagdâ) LEON G. GUINTO
*Alkalde*